

**Lumakad si Jesus sa Ibabaw  
ng Tubig**

**NOTES**

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

**WARM-UP**

- Gusto mo bang nagpupunta sa dagat? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang pinakakinatatakutan mo noong ikaw ay bata pa?
- Ano ang pinakanakakatakot na bagay na naranasan mo?

**WORD**

*Pero sinabi sa kanila ni Jesus, "Ako ito! Huwag kayong matakot."*

**JUAN 6:20**

(Basahin din ang **JUAN 6:16-21**.)

---

Sa kalagitnaan ng bagyo, habang sila ay nasa lawa ng Galilea, lumakad si Jesus sa ibabaw ng tubig palapit sa Kanyang mga disipulo. Nang makita nila si Jesus, bigla silang natakot dahil akala nila ay isa siyang multo (Marcus 6:49). Sinabihan sila ni Jesus na huwag matakot. Siya iyon, at walang dahilan para sila'y matakot. Sa ganito ring paraan, sa tuwing tayo ay tila nalulunod sa mga bagyo ng buhay, kadalasan takot ang ating nagiging tugon. Subalit sinasabi sa atin ni Jesus na wala tayong dapat ikatakot o ikabahala dahil kasama natin Siya (Isaias 41:10). Tignan natin ang mga makakatulong sa atin na makapanaig sa kabila ng takot natin sa mga bagyo ng buhay.

**1 Kaganapan**

*<sup>16</sup>Nang gumagabi na, nagpunta ang mga tagasunod ni Jesus sa tabi ng lawa. <sup>17</sup>Madilim na at wala pa rin si Jesus, kaya sumakay na sila sa isang bangka at tumawid papuntang Capernaum. <sup>18</sup>At habang tumatawid sila, nagsimulang lumakas ang hangin at lumaki ang mga alon. **JUAN 6:16-18***

Kailangan makatawid sa lawa ang mga disipulo gamit ang isang maliit na bangkang ginagamit sa pangingsda upang marating nila ang Capernaum. Sa kalagitnaan ng lawa, habang malayo sa pampang, biglang dumilim at humangin ng malakas. Dahil hindi sila handa sa bagyong ito, at dahil alam nila ang maaaring mangyari, pinilit ng mga disipulo na magsagwan hanggang anim o limang kilometro, subalit hindi nila nagawang makalapit sa pampang. Laking gulat nila nang makita nila si *Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig papalapit sa kanilang bangka* (Juan 6:19). Kapag may dinaranas tayong mahirap na sitwasyon, madalas sinusubukan nating lutasin ito sa pamamagitan ng paggawa ng kung anu-anong mga bagay. Nakakalimutan natin na ang Diyos ang namamahala sa lahat ng bagay. Sa kuwentong ito, alam ni Jesus ang lahat ng nangyayari. Siya ang namamahala hindi lamang sa sitwasyong iyon, kundi sa mundo na Kanyang nilikha (Mga Hebreo 1:3). Kanino tayo dapat magtiwala kapag tayo ay natatakot? (Mga Salmo 56:3)

---

---

## 2 Kaligtasan

*Nang nakasagwan na sila ng mga anim o limang kilometro, nakita nila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig papalapit sa kanilang bangka. At natakot sila. JUAN 6:19*

Nakikita ng Diyos ang lahat ng ating mga suliranin at gusto Niya tayong iligtas mula sa mga ito. Ang paglakad ni Jesus sa ibabaw ng tubig ay isang paglalarawan ng Kanyang dakilang kapangyarihan anuman ang kinakaharap nating sitwasyon. Ngunit, gaya ng Kanyang mga disipulo, nahihirapan tayong makilala Siya sa mga oras ng kagipitan dahil nakatingin tayo sa ibang bagay. Gayunpaman, sinasabi sa Bibliya na ang *Diyos ang ating kanlungan at kalakasan, Siya'y laging nakahandang sumaklolo sa oras ng kagipitan* (Mga Salmo 46:1). Sa gitna ng mga kinakaharap nating bagyo sa buhay, nakikita tayo ni Jesus at lumalapit Siya upang iligtas tayo. Ano ang ginagawa mo kapag napapalibutan ka ng paghihirap?

---

---

## 3 Katiyakan

*<sup>20</sup>Pero sinabi sa kanila ni Jesus, "Ako ito! Huwag kayong matakot." <sup>21</sup>Kaya pinasakay nila si Jesus sa bangka, at nakarating agad sila sa kanilang pupuntahan. JUAN 6:20,21*

Nang sabihin ni Jesus na "Ako ito," nakilala Siya ng mga disipulo, at Siya'y masaya nilang pinasakay sa bangka, at agad silang naging ligtas. Nang sabihin ni Jesus na huwag silang matakot, tiniyak sa kanila ni Jesus na ang buong mundo ay nasa ilalim Niya at dahil kasama nila Siya, ang kanilang takot ay napalitan ng kagalakan at kapayapaan. May mga pagkakataon na wala tayong kapayapaan dahil sa mga bagay na walang katiyakan at sa mga pagsubok, ngunit tinitiyak ni Jesus na hawak Niya ang buong sandaigdigan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Salita (Mga Hebreo 1:3). Dahil dito, hindi tayo dapat matakot. Paano inilalarawan ng Mga Salmo 107:29-31 ang Diyos?

---

---

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na nakikita tayo ni Jesus at gusto Niya tayong iligtas? Sa anong bagay ka kailangang iligtas ni Jesus ngayon?
- Paano ka karaniwang tumutugon sa mga bagyo ng buhay? Paano mo magagawang mas magtiwala sa Diyos at hindi matakot sa tuwing may pinagdaraanang kang bagyo?
- Paano mo mapapalakas ang loob ng iba upang huwag silang matakot, at upang maniwala sila sa Panginoon? Pumili ng isang tao na maaari mong bahaginan ng mga natutunan mo sa araling ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang dakilang kapangyarihan na namamahala sa lahat. Purihin ang Diyos dahil *ang lahat ay nananatiling nasa kaayusan* dahil sa Kanya (Mga Taga-Colosas 1:17).
- Purihin ang Diyos dahil nakikita Niya tayo at gusto Niya tayong iligtas. Hingin sa Diyos ang kakayahan na mas lalo pang magtiwala sa Kanya maging sa mga mahihirap na sitwasyon. Ipanalangin na lagi kang tutugon sa pananampalataya at hindi sa takot.
- Ihayag ang kalayaan at proteksyon ng Diyos sa iyong pamilya at mga kaibigan.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph